**SURI-ARTIKULO**

**Panuto:** Suriin ang artikulo sa ibaba. Sagutin ang mga sumusunod na gabay na tanong.

**Atin ang West Philippine Sea**

Kaliwa't kanan ang usapin sa isa na namang agresyon ng Tsina sa ating Coast Guard.

Kung nabalitaan niyo po, hinarang at binomba pa ng water cannon ng Chinese Coast Guard ang mga sasakyang pandagat ng Philippine Coast Guard na maghahatid ng mga suplay sa ating tropa sa Ayungin Shoal. Hindi ito ang unang beses na agresibong umaatake at nanghaharang ang mga barko ng Tsina sa ating mga karagatan. Mismong mga mangingisdang Pinoy hindi nila hinahayang makapangisda sa sarili nating teritoryo.

Bukod sa usapin ng soberenya, napakaimportante na patuloy nating ipaglaban ang ating karapatan sa West Philippine Sea. Buhay at kinabukasan ng ating mga anak at mga magiging apu-apuhan ang nakasalalay sa mga hakbang natin sa kasalukuyan.

Kung hindi tayo maninindigan, pwede itong makaapekto sa food security ng bansa. Dahil sa patuloy na presensya at panghaharass ng Chinese vessels kung saan nangingisda ang ating mga mamamalakaya, bumababa ang kanilang mga huli. Dalawang taon na ang nakararaan nang ipanawagan ko rin na pagbayarin ang Tsina sa halos P800 bilyon na yamang-dagat na kinukuha nito sa West Philippine Sea. At nasa P644 bilyong halaga ng mga isda simula 2014 ang inaagaw sa atin ng Tsina. Kung magpapatuloy ito, uubusin nila ang mga isda at iba pang yamang-dagat na dapat ay napupunta sa hapag-kainan ng ating mga pamilya.

Hindi lang pagkain ang kanilang inaagaw, kundi ang tiyansa na guminhawa ang buhay ng ating mga mangingisda at kanilang pamilya. Dahil sa patuloy nilang intimidasyon at pananaboy sa kanila, matutulak pa lalo ang ating mga mangingisda sa kahirapan. Dahil sa bumabang huli, bumababa rin ang kanilang kinikita. Pag mas kakaunti ang kita, mas kakaunti rin ang pambili ng pagkain at gamot, mababawasan din ang perang mailalaan sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Bukod sa paanghihimasok nila sa hindi nila teritoryo, sinisira pa nila ang likas-yaman ng ating bansa. Sa Ecosystem Services journal noong 2020, sinabi na nasa P231 bilyong halaga ng coral reefs ang sinisira ng Tsina sa ating karagatan.

Ang Chinese Communication Construction Co. (CCCC) na kumpanyang pagmamay-ari ng gobyerno ng Tsina ay kasabwat ng Chinese maritime militia sa pagsira sa coral reefs natin. Kaya pinanawagan ko na i-ban ang kumpanyang ito sa bansa dahil sila rin ang may hawak ng dalawa sa anim na aprubadong reclamation projects sa Manila Bay. Ipakita natin na hindi natin kinukunsinti ang garapal na paglapastangan sa ating karapatan.

Pitong taon na po ang ating tagumpay sa Permanent Court of Arbitration sa The Hague. Napatunayan na po na mayroon tayong exclusive sovereign rights sa West Philippine Sea at walang basehan ang inaangkin na histroic rights ng Tsina sa loob ng sinasabi nilang 'nine-dash line'. Hindi dapat tayo pumayag na wala tayong gagawin habang inaabuso at inaalipusta ng Tsina ang ating karagatan pati na ang ating kinabukasan.

**Sanggunian:**

*Atin ang West Philippine Sea*. (2023, August 10). Www.abante.com.ph.
https://www.abante.com.ph/2023/08/11/atin-ang-west-philippine-sea-2

LIVEWORKSHEETS

**IPALIWANAG MO!**

1. Ano ang naramdaman mo matapos basahin ang artikulo?

2. Ano ang iyong natutuhan sa nasabing artikulo?

3. Sa pagsasagot ng mga gabay na tanong, ano-ano ang iyong isinaalang-alang?

4. Bakit mahalaga ang pagiging matiyaga sa pag-aaral ng mga isyu ng bayan?

5. Bilang isang mag-aaral, ano ang dapat mong gawin sa mga isyu ng bayan gaya nito?

LIVEWORKSHEETS